

# THE SEATTLE SQUEEZE: KABANATA 2

TAGALOG

## Maghanda para sa mga bus na papalabas mula sa Downtown Seattle Transit Tunnel sa Marso 23, 2019.

- Ang tunnel ay permanenteng gagamitin ng Link light rail lamang.
- Kung ang bus na sinasakyan mo ay nasa isang tunnel, ang bus ay bibiyaha na ngayon sa 2nd, 3rd, 4th, 5th, o 6th Ave.
- Ang mga ruta ng King County Metro na 41, 74, 101, 102, 150, 255, at Sound Transit Express Route 550 ay naaapektuhan. Sa lahat, ang 15 mga ruta ng bus ay magbabago kung aling mga kalye ang gagamitin ng mga ito.
- Ngayon ay gumagawa kami ng peak-only na bus lane sa 5th at 6th Avenue sa downtown.
- Maagang mag-plano at maghanda para sa mga pagbabago sa iyong ruta kung gagamitin ng transit o magmamaneho sa downtown.

**Seattle** Traffic



**City of Seattle**



Line	Status
E Line	2
D Line	NOW
70 Line	NOW
36 Line	NOW
D Line	3
D Line	4



# Bumisita sa [www.seattle.gov/traffic](http://www.seattle.gov/traffic) para manatiling up to date sa lahat ng mga bagay na tungkol sa **#SeattleSqueeze**

## Manatiling May Kaalaman

1. Ang permanenteng pagbabagong ito ay konektado sa bagong East Link light rail na mula sa downtown Seattle hanggang sa Eastside sa taong 2023 at para mapaglingkuran ang pagpapalawak ng Washington State Convention Center. Ang pagbabagong ito ay makakatiyak sa maaasahan at mabilis na serbisyo sa light rail.
2. Ang iba pang mga ruta ng bus ay magbabago kung aling mga kalye ang gagamitin ng mga ito - mangyari lang maagang mag-plano at alamin ang iyong bagong ruta bago ang Marso 23.
3. Para mas mapadali ang pagsasakay sa mga bus sa 3rd Avenue at sa mga hintuan sa may Westlake Ave N, i-tap ang iyong ORCA card bago sumakay sa bus at bago sumakay sa anumang bukas na pintuan. Paalala: Ang 3rd Ave ay naka-reserba lamang para sa mga bus mula 6 AM - 7 PM, pitong araw sa isang linggo.
4. Ang pagbabagong ito ay parte ng #SeattleSqueeze, ang panahon sa loob ng susunod na limang taon kung saan ang mga pribado at pampublikong proyekto ng konstruksyon ay makakapagdulot ng isyu sa ating sistema ng transportasyon, pagbabago sa paraan kung paano tayo bumiyaha papasok at sa palibot ng Seattle.
5. Magplano nang maaga at maglaan ng mas maraming panahon para makarating sa iyong destinasyon, kung bumibiyahe gamit ang bisikleta, bus, kotse, truck, o iba pang paraan ng transportasyon.

## Maghanda

Salamat sa pagbabago ng inyong paraan ng pag-commute sa panahon ng tatlong linggong pagsasara ng SR 99 noong Enero 2019. Inirerekumenda namin sa inyong gawing permanente ang mga nasabing pagbabago! Heto ang ilan pang tips para makatulong sa inyong patuloy na pagbiyahe.

1. Kung inililipat-lipat ang ruta ng inyong bus, hanapin ang inyong bagong hintuan ng bus sa [kingcounty.gov/metro](http://kingcounty.gov/metro).
2. Umalis nang mas maaga at mas huli at i-enjoy ang mga negosyo at attraction sa downtown Seattle!
3. Iwasan hangga't maaari ang pagmamaneho. Subukan ang ibang paraan ng transportasyon, tulad ng bus, bisikleta, o tren.
4. Asahan ang mas matagal na panahon ng pagbiyahe, at magkaroon ng pasensya at umangkop sa mga pagbabago.
5. Sabihin sa amin ang inyong mga tanong at ideya.
6. Bumisita sa [www.seattle.gov/traffic](http://www.seattle.gov/traffic) para manatiling may kaalaman sa lahat ng mga bagay na may kaugnayan sa #SeattleSqueeze.